6

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang – 6 FILIPINO Aralin 8

| Development & Editorial Team | |
|---|---|
| **Writer:** | Lorielyn C. Danie |
| **Illustrator:** | Lorielyn C. Danie |
| **Layout Artist:** | Mr. Valentin C. Sagun, Jr. |
| **Content Editor:** | Dr. Robert B. Lacayanga |
| **Language Editor:** | Mr. Werlito C. Batinga |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Romela M. Cruz, SDS SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Alyn G. Mendoza, CID Chief SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Mr. Werlito C. Batinga SDO EPS, Filipino MTB-MLE – Mandaluyong City<br>Dr. Ruby E. Baniqued, LR EPS SDO-Mandaluyong City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Dorothy Grace I. Reyes, PDOII SDO-Mandaluyong City<br>Mr. Calixto N. Camangeg, Librarian II SDO-Mandaluyong |

**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

**ARALIN 8:** PAGSULAT NG TULA AT SANAYSAY NA NAGLALARAWAN

**INAASAHAN:**

1. Napag-iiba ang tula at sanaysay na naglalarawan
2. Nakasusulat ng tula at sanaysay na naglalarawan. **F6PU-IIIe-2.2**
3. Nabibigyang halaga ang pagsulat ng tula at sanaysay na naglalarawan.

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Piliin ang letra ng pinakatamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Ang tula ay pinagsama-samang mga piling salita na may _________, sukat, talinghaga at kaisipan.
   A. likha C. suliranin
   B. tugma D. damdamin
2. Ang sumusunod na elemento ay ginagamit ng mga makata sa pagsulat ng malikhaing tula na naglalarawan maliban sa isa.
   A. saknong C. sistema
   B. sesura D. taludtod
3. Sa pagsulat ng sanaysay na naglalarawan, kailangang kinapapalooban ng mga ____________ patungkol sa paksang tinatalakay.
   A. pag-uuri C. paglilipat
   B. pagsusuri D. paglalarawan
4. Ang ibig sabihin ng salitang "paglalarawan" sa paksang tinatalakay ay _________________ .
   A. pagpapakita C. pagpapaliwanag
   B. pagpapahayag D. lahat ng nabanggit ay tama
5. Hinahangaan si Lino ng kaniyang mga kaklase dahil sa mga likhang tula na naglalarawan ng kulturang Pilipino na maaaring ipagmalaki sa buong mundo. Ano ang masasabi mo tungkol kay Lino?
   A. mapagmalaki sa ibang lahi
   B. mapagmahal sa sariling bayan
   C. mapagkunwari sa mga kaklase
   D. masunurin sa guro dahil gumawa ng tula

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel kung **TAMA** o **MALI** ang pahayag sa bawat bilang.

1. Ang pagbasa ay pagkilala at pagkuha ng mga ideya at kaisipan sa mga sagisag na nakalimbag upang mabigkas nang pasalita.
2. Ginagawa ang pagbasa para sa pagtingin o paghanap ng mahahalagang impormasyon na maaaring makatulong sa bumabasa.
3. Upang maging mabisa ang pagbasa, kinakailangang piliin ang nais na teksto.
4. Ang pahapyaw na pagbasa ay hindi mabisang pagbasa dahil hindi makukuha ang pangkalahatang ideya sa teksto.
5. Maraming mga paraan ng pagkuha ng impormasyon katulad ng pagbabasa ng libro, *journals*, *encyclopedia* at *magazines*.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

### Konsepto

Ang **Tula** ay pagsasama ng mga piling salita na may tugma, sukat, talinghaga, at kaisipan. Ito ay nadaramang kaisipan na nakikita ng mga mata, nauunawaan ng isip at tumutuloy sa damdamin.

Ang isang mahusay na tula ay may larawang diwa, gumigising ng damdamin maging kamalayan at pinagagalaw ang guniguni o imahinasyon ng mambabasa.

Mga **elemento o sangkap ng tula**:

1. **Taludtod** – isang linya ng mga salita sa tula
2. **Saknong** – grupo ng mga taludtod
3. **Sesura** – *light pause* sa gitnang bahagi ng taludtod

Ang **sanaysay na naglalarawan** ay ang mga sanaysay na kinapapalooban ng mga paglalarawan patungkol sa paksang tinatalakay.

**Panuto**: Basahin ang tula nang may damdamin at pang-unawa.

**Epekto ng Pandemyang COVID-19**

ni Lorielyn C. Danie
*Pleasant Hills Elementary School*

Iba't ibang bagay naganap sa mundo
Mula pa man noong nakaraang siglo
Hindi sukat malirip at hindi mapagtanto
Ang lahat ng epekto nito sa bawat tao

Biglaan ngang dumating itong COVID-19
Nagdulot ng pangamba lalo na sa sakitin
Trangkaso ay kahawig, tiyak na lalagnatin
Sa taong lumalabas dulot ay *paranoid* din

Maraming mag-aaral dagliang naguluhan
Mga Modyul na ibinigay kailangang masagutan
Samot-saring emosyon kanilang naranasan
Mga *Home Learning Partners,* nagsilbing sandigan

Ang mga kaguruan, dagliang naghanda
Upang pagkatuto ay hindi mawala
Panganib ng pandemya ay hindi alintana
Upang maisalba kinabukasan ng bawat bata

*Frontliners* kung tawagin ng mga nakararami
Mga buhay na bayani, sa masa'y nagsisilbi
Naglilingkod ng tapat upang walang maapi
Tunay na inspirasyon, buhay ay isinantabi

Pandemyang COVID-19, iba't iba ang epekto
Hindi lang negatibo meron ding positibo
Ngunit isa lamang mensahe sa bawat tao
Sa Manlilikha itiwala, kalagayan ng buong mundo.

**Panuto**: Sagutin nang buong pangungusap ang bawat tanong.

1. Tungkol saan ang binasang tula?
   ______________________________________________________
2. Ilang saknong mayroon ang tula?
   ______________________________________________________
3. Paano mo ilalarawan ang mga epekto ng pandemya sa bawat tao?
   ___________________________________________________
4. Mayroon ka bang kahalintulad na karanasan na nabanggit sa tula? Ilarawan.
   ____________________________________________________
5. Ano ang aral na natutuhan mo sa tula na maaari mong isabuhay?
   ____________________________________________________


Pansinin ang mga salita o grupo ng salita na ginamit sa tula.

Maraming mag-aaral dagliang naguluhan
Mga Modyul na ibinigay kailangang masagutan
Samot-saring emosyon kanilang naranasan
Mga *Home Learning Partners,* nagsilbing sandigan

Ano ang inilalarawan ng mga salita o grupo ng salita na may salungguhit?

Ang mga **salitang may salungguhit** ay grupo ng mga salitang naglalarawan ng paksang tinatalakay sa taludtod ng tula**.**

Sa pagsulat ng **tula na naglalarawan**, kailangang isaalang-alang ang taludtod, saknong at sesura.



## GAWAIN 1

**Panuto**: Sumulat ng sariling-likhang tula na naglalarawan sa sitwasyon ng pag-aaral ngayong "*New Normal*" gamit ang sumusunod na pamantayan:

________________________ 1. (paksa/pamagat)

2.(lalabindawahin ang sukat)

3. (may (2) Saknong)

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________ 4.

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________ 5.

4. – 5. Tugma sa bawat taludtod

## GAWAIN 2


**Panuto**: Sa inyong sagutang papel, sumulat ng isang tula na naglalarawan ng iyong pangarap. Kinakailangang may pamagat, tugma sa bawat taludtod, sesura o sukat, at (4) apat na saknong. Ilapat ang mga natutuhang pamamaraan sa pagsulat ng isang mabisang tula.

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

## GAWAIN 3

**Panuto**: Pag-aralan ang "Batayang Konseptwal". Sumulat ng Sanaysay na naglalarawan ayon sa pagkakasunod-sunod ng konsepto sa "Batayang Konseptwal".

**Batayang Konseptwal**




## GAWAIN 4

**Panuto**: Sumulat ng sanaysay na naglalarawan sa inyong sagutang papel. Pumili sa kahon ng paksang nais talakayin.

- Mga pangyayaring naganap ngayong taong 2019
- Mga nais kong gawin kapag natapos na ang pandemyang COVID-19
- Mga planong hindi natupad dahil nagkaroon ng pandemyang COVID-19
- Kontribusyong magagawa bilang isang mag-aaral upang makatulong ngayong pandemya

## TANDAAN

Sa pagbuo ng tula, dapat isaalang-alang ang mga tuntunin sa pagbuo ng tunog o pag-uulit ng inisyal na tunog-katinig o tunog-patinig.

Gayundin sa pagsulat ng **sanaysay na naglalarawan**, isisaalang-alang ang pagbibigay-diin sa paglalarawan ng paksang tinatalakay.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Piliin mula sa kahon ang mga salita na tumutulong upang makasulat ng tula o sanaysay na naglalarawan at isulat sa bawat talulot ng bulaklak.

| |
|---|
| paksa |
| salinlahi |
| sukat |
| kapuwa |
| saknong |
| taludtod |




## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto**: Iguhit sa bawat bilang ang masayang mukha (☺) kung ang pahayag ay tungkol sa pagsulat ng sanaysay na naglalarawan at hugis puso ( ♡ ) naman kung ang tinutukoy ay pagsulat ng tula na naglalarawan.

1. naglalarawan sa paksang tinatalakay
2. ginagamitan ng sukat and bawat taludtod
3. pagpili ng salita at tayutay na nagbibigay ng kariktan
4. paglalarawan ng opinyon at damdamin mula sa binasang paksa
5. may tugma sa bawat dulo ng pantig sa bawat taludtod ng mga saknong

## SANGGUNIAN

DepEd Most Essential Learning Competencies Kuwarter 3 : Linggo: 8
Competency Code: F6PU-IIIe-2.2

https://www.slideshare.net/andreatiangco9/malikhaing-pagsulat-tula

https://brainly.ph/question/2763927

https://www.google.com/search?q=sanaysay+na+naglalarawan+halimbawa &tbm

## SUSI SA PAGWAWASTO

**ASSESSMENT**

**UNANG PAGSUBOK**

1. B
2. C
3. D
4. D
5. B

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. ☺
2. ♡
3. ♡
4. ☺
5. ♡

**ASSESSMENT**

**PAG-ALAM SA NATUTUHAN**

1. paksa
2. sukat
3. saknong
4. taludtod
5. tugma